Isang Menu para sa Iyo

Mmmmmm...



- Ano ang paborito mong pagkain ng pamilya? Ilarawan ito o gumuhit ng larawan.
- Mayroon bang paraan ng pagluluto na ipinasa sa maraming henerasyon sa iyong pamilya? Baka bahagi ng kapaskuhan o tradisyon? Tanungin ang iyong mga magulang, lolo at lola, o iba pang kapamilya tungkol dito. Sama-sama ninyong subukan ang paraan ng pagluluto.

Magplano ng espesyal na pagkain kasama ng iyong pamilya

Isali ang bawa't miyembro ng pamilya. Tanungin ang bawa't tao kung ano ang gusto nilang idagdag bilang bahagi ng pagkain. Isulat ito.

Kapamilya	Pagkain
1.	
2.	
3.	
4.	
5.	
6.	
7.	

Ngayon, magpasya kung anong **menu** ang gagawin para sa pagkain ng iyong pamilya. Ang menu ay isang listahan ng pagkain na kakainin ninyo bilang bahagi ng pagkain. Gumawa ng **menu** ng pamilya. Isama ang isang bagay para sa lahat!

Subukan Ito

- Anu-anong mga sangkap ang kailangan mo para gawin ang pagkain ng iyong pamilya? Isulat o gumawa ng listahan.
- Mayroon ka bang mga sangkap sa bahay? Ano pang mga sangkap ang kailangan mo?
- Gumawa ng listahan ng groseri. Mamili sa groseri bilang isang pamilya.
- Tumulong sa paggawa ng pagkain ng pamilya. Tumulong ding maglinis pagkatapos!

ANG AMING menu NG PAMILYA

Isa pang Ideya:

Gupitin at idikit ang mga larawan mula sa mga kartel ng groseri upang gumawa ng iyong menu.